Mabuting Asal sa Paaralan

Mabuting Asal sa Paaralan

Ang leaflet na ito ay nagbibigay ng mga paraan para magkatulungan ang mga paaralan, mga magulang at mga estudyante.

Upang masuportahan ang kanilang mga anak at ang paaralan, ang magulang dapat ay:

- alamin ang polisiya ng paaralan tungkol sa pagpapalago ng mabuting asal at suportahan ito
- himukin ang mga estudyante na sundin ang mga patakaran ng paaralan at magpakita ng respeto sa ibang estudyante, tauhan at pag-aari ng paaralan
- siguruhin na kumpleto ang pangangailangan ng kanilang mga anak sa pag-aaral at nagawa ang kanilang mga homework
- mabilis na mag-responde sa mga bagay na may kinalaman sa paaralan
- gawin lahat nga magagawa upang makadalo sa mga pagtitipon ng mga magulang sa gabi, mga meeting sa sa progreso at trabaho
- makibahagi sa buhay ng paaralan
- tratuhin ng may respeto ang mga tauhan ng paaralan katulad ng respeto na ibig nilang matanggap
- sabihin agad sa paaralan kung ano man ang kanilang inaalala tungkol sa kanilang mga anak

Upang makipagtulungan sa mga magulang at estudyante, ang paaralan ay:

- maging mapagmahal, malugod na tumatanggap at ligtas ang lugar
- tratuhin ng patas at may respeto ang mga estudyante
- bigyan ng payo ang mga estudyante kung paano sila mapapabuti
- bigyan ang mga estudyante ng suporta kung sila ay inaabuso o may problema na nakaka-apekto sa kainlang pag-aaral

- sabihin sa mga magulang ang mga bagay na makaka-apekto sa kanila o sa kanilang mga anak
- makipagtulungan sa mga magulang sa pagpapatupad ng mga polisiya
- isali ang mga magulang at mga bata sa mga importanteng desisyon tungkol sa edukasyon
- sabihin agad sa mga magulang ang anumang suliranin
- sensitibong tumugon sa mga suliranin na ipinaalam ng mga magulang o estudyante

Upang makuha ang lahat ng benepisyo mula sa paaralan, ang estudyante dapat ay:

- pumasok araw araw at nasa oras sa paaralan
- pumasok na dala lahat ng pangangailangan at natapos na homework
- matuto, maintindihan at sundan ang mga regulasyon ng paaralan
- magtrabaho ng mabuti sa klase
- respetuhin ang karapatan ng ibang mga estudyante para matutuo at ang tungkulin ng guro na magturo
- kumilos ng ligtas kapag oras ng merienda at huwag gumawa ng bagay na makakasakit o makakapagpasama ng loob ng iba
- tratuhin ng may respeto ang ibang estudyante at huwag abusuhin
- respetuhin ang mga pag-aari ng paaralan

Layunin ng Leaflet

Dapat malaman ng mga magulang, mga estudyante at mga nagtatrabaho sa paaralan kung paano magtutulungan. Ang leaflet na ito ay nagsasaad kung paano ito magagawa.

Kung nagtutulungan ang mga magulang, mga estudyante at mga nagtatrabaho sa paaralan, ang mabuting asal ay mas inaasahang magaganap.

Ang madalas na pagkikita ng paaralan at tahanan, katulad ng nakasaad sa leaflet ay makakapagpadali sa mga magulang, estudyante at nagtatrabaho sa paaralan na makapag-usap.

Kung ang isa ay gagawa ng inaasahan sa kaniya, hindi dapat magkaroon ng pagkakataon na maganap ang hindi magandang asal. Kung mayroon man, ito dapat ay maresolba sa maayos na paraan.